

Maari bang pumili ng kindergarten para bata?

Oo, ang mga magulang ay may mga pagpipilian at maari silang pumili ng paaralan na sa tingin nila ay pinakamahusay at nababagay para sa kanilang mga anak.

Ano ang pagbabagay?

Ito ay inaasahan na papatnubayan kapag ang bata ay nagsisimula na at sa mga magulang inaasahan lamang na sundin nila ang unang hakbang ng bata sa bagong kapaligiran. Ang bawat kindergarten ay may kani-kanilang papel sa pagbabagay o pag-aayos ng mga bata at ipinapaalam sa mga magulang ang tungkol sa kaayusan sa unang pakikipanayam pa lamang. Maari ding gumamit ng interpreter upang matiyak na nauunawaan ng mga magulang na hindi nakakapagsalita ng icelandic o gumagamit mga senyas ng wika.

Kooperasyon ng mga magulang

Sa kindergarten ay binibigyan rin ng diin kung paano maitataguyod ang magandang samahan o kooperasyon sa mga magulang para na rin sa kapakanan at kabutihan ng mga bata. Itinataguyod ito para sa pantay na pakiki koopera sa mga magulang dahil ang mga magulang pa rin ang eksperto sa pagpapalaki ng kanilang mga anak at ang mga guro nang mga batang ito ay siya naman eksperto sa pagtuturo o pagsasanay sa kanilang kapaligiran. Karubduban ng bawat komunidad ng kindergarten ay alinsunod sa iba't-ibang grupo o uri ng mga magulang ngunit ang lahat ng ito ay para rin sa kaayusan ng samahan ng kindergarten at mga pamilya.

Sa mga bata na ang sariling wika ay hindi icelandic

Ang kindergarten ay binibigyan ng pansin ang pagsasanay sa bata sa paggamit ng wikang icelandic at itinuturo din sa kanila ang tungkol sa komunidad ng icelandic. Gayundin, ang kindergarten ay dinesenyo upang sumuporta at mapanatili ng mga magulang ang paggamit ng kanilang sariling wika at igalang ang kanilang kulturang pinagmulan. Sa iba pang impormasyon ay makakalap sa www.allirmed.is at www.leikskolar.is/ nýjir íslendingar.

Ilan oras ba pwedeng mamalagi ang bata sa kindergarten? Ang regular na pagbukas ng paaralan ay mula alas 07:30 hanggan 17:30 at ang bata ay

pwedeng manatili sa paaralan sa pagitan ng 4-9 na oras kada - araw.

May bakasyon din ba sa panahon ng tag-init sa kindergarten?

Oo, Ihat ng bata ay may bakasyon ng apat na linggo sa panahon ng tag-init. Hindi pare-pareho ang araw ng mga bakasyon ng bawat kindergarten o hanggan kailan. Ang bawat kindergarten ay nagpapasiya ng bakasyon ayon na rin sa kagustuhan ng mga magulang.

May iba pa bang bakasyon ang kindergarten? Oo, sila din ay sarado ng limang araw kada taon dahil sa pagsasayos ng mga trabahante at mayroon silang pahintulot na hatiin ang mga araw na ito kung kinakailangan. Kindergarten ay sarado din sa mga opisyal na araw.

Mayroon bang iba pang serbisyo na ianaalok para sa mga mas nakakabata pa sa may edad 6 sa Reykjavik?

Maarin ding makakuha ng mag-aalaga sa umaga para sa mga bata nasa 6 na buwan gulang pa lamang. Sila ay ang mga independing nagtatrabaho at inaalagan ang mga bata sa kanilang mga bahay. Ang mga nag-aalagang ito rin ang nangangasiwa sa pagparehistro ng bata. Impormasyon tungkol sa kabayaran ng pang umagang pagbantay ay hawak rin nila pero ang lungsod ay magbabayad din ng parte ng kanilang pananatili sa tagapag-alaga. Sa ibang pang impormasyon ay makikita sa sa departamento ng kindergarten www.leikskolar.is/ arawang tagapag-alaga(dagforeldrar) at sa sentro ng serbisyo ng siyudad.

Sentro ng mga serbisyo Sentro ng mga serbisyo sa bawat pook ng lungsod ay nagbibigay ng mga kaalaman at espesyal na serbisyo sa mga naninirahan sa ngalan man ng edukasyon, sa kanilang kapakanan, mga laro o mga libangan.

- Árbær and Grafarholt, Bæjarhálsi 1, tel: 411-1200
- Breiðholt, Álfabakki 12, tel: 411-1300
- Grafarvogur and Kjalarnes, Langarima 21, tel: 411-1400
- Laugardalur and Háaleiti, Síðumúla 39, tel: 411-1500
- Miðborg and Hlíðar, Skúlagata 21, tel: 411-1600
- Vesturbær, Hjarðarhagi 45-47, tel: 411-1700



Impormasyon ukol sa kindergarten at pang-umagang tagapag-alaga ng bata sa Reykjavik

**Upplýsingar fyrir foreldra
Um leikskóla og dagvistun í
Reykjavík**



Reykjavíkurborg
Skóla- og frístundasvið

Ang kindergarten ay unang antas ng edukasyon
Ang kindergarten ay ang unang hakbang sa pag-aaral at ito ay para sa mga bata ayon sa edad batay sa ilalim ng pampaaralang batas ng kindergarten numero 90/2008. Ang kindergarten ay responsable para sa edukasyon at sa mga bata sa kahilingan ng mga magulang at alinsunod sa batas hanggang sa ang mga bata ay tumuntong ng elementarya sa kanilang edad na anim na taon. Ang munisipalidad ay responsable para sa mga kindergarten at gawaing pang-edukasyon, kapakanang pang-kultura mga isyung pang kurikulum para sa mga kindergarten at responsable din sila sa paghahasa ng isip ng mga bata.

Ang pangunahing layunin pang edukasyon at pagtuturo sa kindegarten ay ang mga sumusunod:
Magabayan ang pagsulong ng pangkalahatang pag-unlad ng mga bata sa pakikipagtulungan nga mga magulang,

- Upang magbigay ng sistematikong pandiwang nagbibigay buhay at itaguyod ang likas nilang kaalaman sa icelandic,
- Magabayan ang mga bata sa espirital, intelektwal, at pisikal alisunod sa kanilang indibidwal na pangangailangan na tatamasahin nila sa kanilang paglaki,
- Upang itaguyod ang kanilang moral at bukas na kaisipan,
- maitatag ang pundasyon ng mga bata na makapagsarili, aktibo at responsableng kalahok sa isang demokratikong lipunan na sumasailalim sa mabilis na pagbabago,
- payamanin ang kakayahan ng mga bata para sa pagpapahayag at pagkamalikhain para sa layuning mapalakas ang kani-kanilang sariling imahe, kalusugan ng kamalayan, kaligtasan at kaangkupan ng pakikipag-ugnayan sa lipunan.

Ang kindergarten ba ay para sa lahat? Ang kindergarten ay para sa lahat ng mga bata, isinasalang-alang ang kanilang mga isipan at pisikal na kakayahan pang-kultura at relihiyon.

Kindergarten sa Reykjavik

Ang operasyon ng bayan ng Reykjavik sa ilalim ng pangangalaga at kontrol ng mga propesyonal na

pagpapalano. Sa website nila ay mga impormasyon at mga tungkulin ng departamento para sa lahat ng kindergarten ng siyudad. www.leikskolar.is/kindergarten-og-lungsod

Kailan pwedeng ipatala ang bata sa kindegarten?

Pwedeng ipalista agad at iparehistro ang personal na pagkakakilanlan ng bata. Ang mga bata ay nakarehistro sa mga listahan ng naghihintay ng kapasidad hanggang sa edad na isang taon at naka-rango ang mga ito sa listahan batay sa petsa ng kapanganakan at taon. Ang lungsod ng Reykjavik ay may patakaran upang matiyak na lahat ng mga bata ay makapasok sa kindergarten hanggang sa sila ay umabot ng edad na dalawa.

Paano ang pagparehistro?

Ang pagparehistro sa kindergarten ng lungsod ay sa pamamaraang elektronikong (rafræn) Reykjavik, serbisyo nasa internet ng lungsod ng Reykjavik www.rafræn.is pwede ring magpatulong sa mga lungsod ng serbisyo at kanilang sentro sa pagsagot at pagpuno ng aplikasyong elektronikong para sa pwesto sa kindergarten, sila ay matatagpuan sa Borgartún 12-14, telepono 411-1111.

Magkano ang bayad sa kindergarten?

Ang impormasyon tungkol dito ay makikita sa [www.leikskolar.is /leikskólar borgarinnar/\(gjaldskrá\)](http://www.leikskolar.is/leikskolar-borgarinnar/gjaldskra). Ang buong halaga o tuition ay batay kung gaano katagal ang pamamalagi ng bata sa kindergarten araw-araw ngunit ang lungsod ng Reykjavik ay ibabalik din ang perang inyong ibinayad.

Ano ang kasama sa mga binayaran?

- Ang pag-aaral at pangangalaga sa bata
- agahan, pananghalian at meryenda
- supurta o pagtuturo kung kinakailangan

Ano ang kontrata ng pananatili?

Ang kontratang ito ay kasunduan sa pagitan ng paaralang at magulang kapag ang bata ay nagsimula na sa kindergarten. Kung ang bata ay titigil na sa paaralan ay kinakailangan magbigay ng babala ng hindi bababa sa isang buwan mula sa 1 hanggang ika-15 ng buwan. Ang pagpirma ng magulang sa kontratang ito ay ibig lamang sabihin na naunawaan

nila ang mga patakaran at regulasyon ng serbisyo ng paaralan, Kapag hindi nakapagbayad sa tamang oras ay sisimulan na ang proseso sa pagsingil at ang debisyon ng kindergarten sa lungsod ng Reykjavik ay may karapatan na tapusin ang kontrata kung hindi nila makuha ang bayad. Sa iba pang impormasyon ay makikita sa <http://www.leikskolar.is>

Malayang pamamalakad ng kindergarten

Ang pag-rehistro sa isang malayang paaralan ng kindergarten ay ginagawa sa kanilang opisina, Kung saan pwede mong malaman ang katanungan ukol sa kabayaran, na kung saan ang lungsod ng Reykjavik ay may parte ding binabayaran. Ang departamentong kindergarten sa lungsod ng Reykjavik ay nangangasiwa sa mga operasyon ng malayang kindergarten. Para sa ibang pang-kaalaman ay makikita sa www.leikskolar.is.

Magkakatulad ba ang mga kindergarten?

Ang lahat ng pamamalakad sa kindergarten ay base iisang batas lamang at pangunahing kurikulum. Gayunman, sila ay may permiso sa paglikha ng mga independiyenteng pamamaraan at pagkakaroon iba't-ibang emphasis sa mga gawaing propesyonal. Ang pag-aaral sa kindergarten ay sa pamamagitan ng paglalaro at malikhaing gawain ng mga bata at tatasahin ang iba't-ibang aspekto ng pagpapalaki sa mga bata. Lahat ng kindergarten ay gumagawa ng sariling kurikulum. Taun-taon ay responsibilidad ng paaralan na gumawa ng mga plano na pinagkasunduan din ng mga magulang bago ito ipasa sa konseho ng edukasyon.